KONSEHO NG BATASAN



# Imbestigasyon sa sektor ng edukasyon at pangangalaga ng mga bata sa murang edad sa New South Wales

## MGA TUNTUNIN NG SANGGUNIAN

1. Na ang Portfolio Committee 3 – Education ay magsasagawa ng imbestigasyon at mag-uulat hinggil sa sektor ng edukasyon at pangangalaga ng mga bata sa murang edad (ECEC) sa New South Wales, kabilang ang mga sumusunod:

   (a) ang kaligtasan, kalusugan, at kagalingan ng mga bata sa mga serbisyong ECEC

   (b) ang kalidad ng mga serbisyong ECEC at ang mga kinalabasan ng edukasyon at pag-unlad para sa mga batang dumadalo sa mga serbisyong ECEC

   (c) ang kaligtasan, sahod, at mga kundisyon sa trabaho ng mga manggagawa sa sektor ng ECEC

   (d) ang pagiging epektibo ng balangkas ng regulasyon para sa sektor ng ECEC na ipinapatupad sa New South Wales

   (e) ang pagiging epektibo ng NSW ECEC Regulatory Authority

   (f) ang pangangalap, pagtatasa, at paglalathala ng maaasahang mga datos kaugnay ng mga serbisyong ECEC at ang antas ng kaalaman ng publiko at access sa impormasyon sa bawat serbisyong ECEC

   (g) ang pagkakaroon at pagiging abot-kaya ng mga institusyong nagbibigay ng de-kalidad na pagsasanay para sa kwalipikasyon sa edukasyon ng batang nasa murang edad

   (h) ang komposisyon ng sektor ng ECEC at ang epekto ng pagpopondo mula sa pamahalaan sa uri at kalidad ng mga serbisyo

   (i) ang mga karanasan ng mga batang may kapansanan, at ng kanilang mga magulang at tagapag-alaga, sa mga serbisyong ECEC, at

   (j) anumang iba pang kaugnay na usapin.

2. Na ang Komite ay mag-uulat sa pagsapit o bago ang 31 Marso 2026.

Ang mga tuntunin ng sanggunian para sa pagsisiyasat na ito ay inirekomenda ng mismong komite noong 20 Marso 2025.[1] .

[1] *Minutes*, Konseho ng Batasan ng NSW (NSW Legislative Council), ika-20 ng Marso 2025, item 28.

**Mga miyembro ng komite**

| | | |
|---|---|---|
| **Ms Abigail Boyd MLC** | The Greens | *Tagapangulo* |
| **Hon Rachel Merton MLC** | Liberal Party | *Pangalawang Tagapangulo* |
| **Hon Anthony D'Adam MLC** | Australian Labor Party | |
| **Hon Tania Mihailuk MLC** | Independent | |
| **Hon Sarah Mitchell MLC** | The Nationals | |
| **Hon Cameron Murphy MLC*** | Australian Labor Party | |
| **Hon Emily Suvaal MLC** | Australian Labor Party | |

* Hinalinhan ni Hon. Cameron Murphy MLC si Hon. Mark Buttigieg MLC simula noong 25 Marso 2025 para sa buong panahon ng imbestigasyon.